Kindergarten 	Para sa mga nais na mag-enroll sa napiling kindergarten o sa pampublikong kindergarten ng lungsod, makipag-ugnayan sa Education Committee, Compulsory Education Division Tel: 052-972-4097	Para sa mga batang may edad na 3 hanggang makapasok sa elementary school

Edukasyon ng Mga Bata


Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Municipal Elementary School, Municipal Junior High School	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para makapasok sa paaralang elementarya o junior high school ng munisipal, kinakailangan na lakarin ito sa *ward office* o *branch* (sangay) nito. 6 taon na elementary school: mula edad na 6 hanggang 12 3 taon na junior high school: mula edad na 12 hanggang 15 Mula Abril hanggang Marso ang isang school year.
Pagsangguni Ukol sa Pagtuturo ng Wikang Hapon	Japanese Language Education Consultation Center C P S F K N V Tel: 052-961-0418	Pagsangguni ukol sa pagpasok sa paaralan, pagsasanay sa pamumuhay sa paaralan, at tulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral na kailangang turuan ng wikang Hapon Oras ng Opisina (Lunes-Biyernes): 13:00-16:00
Twilight School, Twilight Room 	Kawanihan ng bata at kabataan, Seksyon ng Promosyon ng Programa Pagkatapos ng Paaralan / Child and Youth Bureau, After School Program Promotion Tel: 052-972-3229	Ang mga mag-aaral ay maaaring maglaro nang malaya sa elementary school pagkatapos ng paaralan o sa mga araw na walang pasok kasama ang mga kaibigan ng iba't ibang baytang. Para sa mga mag-aaral ng grade 1 hanggang grade 6 ng elementary school Araw na may aktibidad: mula Lunes hanggang Sabado (sarado ito sa tuwing holiday at katapusan o simula ng taon) Oras ng aktibidad: Araw na may pasok: pagkatapos ng paaralan hanggang 18:00 (room～19:00) Sabado: 9:00～18:00 (room 9:00～18:00) Mahabang bakasyon araw ng weekdays: 9:00～18:00 (room 8:00～19:00) Bayarin: walang bayad (magbabayad lamang para sa Insurance.) *Kailangang magbayad para sa twilight room mula 17:00.
Home Child Learning Development Business (School Child Care) 	Ward Office o Branch ng Ward Office	Ito ay isang pasilidad na tumatanggap ng mga bata kapag parehong nagtatrabaho ang mga magulang o wala sila sa bahay pagkatapos ng klase. (Mga Saklaw) Mga batang nag-aaral mula Grade 1 hanggang Grade 6 sa elementarya. (Mga Araw na Bukas) Lunes hanggang Sabado (sarado tuwing holiday at year-end/new year). (Oras ng Pagbubukas) Nag-iiba depende sa pasilidad. (Bayad) Nag-iiba depende sa pasilidad.

Matatanda·May Kapansanan

高齢者(こうれいしゃ)・障害者(しょうがいしゃ)



Pamamaraan	Tanggapan ng Katanungan	Nilalaman
Sistema ng Pangangalagang Medikal para sa mga nakatatanda (Late-stage Elderly Medical Care System)	Ward Office o Branch ng Ward Office 	Para sa mga may edad na 75 pataas, o may edad na 65 hanggang 74 at may ilang mga sagabal, at may balak manirahan sa bansang Hapon nang 3 buwan o mas matagal. -Kailangang magbayad ng Insurance Fee base sa halaga ng kinikita sa loob ng isang taon at kinakailangan itong bayaran. Kapag isinumite sa ospital ang iyong Certificate of Eligibility (Shikaku kakunin sho), atbp, magbabayad ka lamang ng bahagi ng kabuuang gastusin sa medikal upang makatanggap ng serbisyong medikal.
Senior Citizen ID/Card (Respect for the Elderly Handbook)	Ward Office o Branch ng Ward Office	Para sa mga may edad na 65 pataas. Kapag ipinakita ang Senior Citizen ID/Card, makakakuha ng discount sa admission fee sa Higashiyama Zoo, Botanical Garden, Nagoya Castle atbp.
Senior Citizen Commuter Ticket	Ward Office o Branch ng Ward Office Call center ng senior citizen commuter ticket (keiro-pass): 052-766-5500 Lunes hanggang Biyernes (hindi kasama ang pampublikong pista opisyal,katapusan ng taon at bagong taon)9:00~17:15	(Target) 65 taong gulang pataas Maaari mong gamitin ang subway, city bus, Nagoya Sightseeing Route Bus (Me-guru), Yutorīto Line, Aonami Line, at ang mga tren ng Meitetsu, JR Tokai, at Kintetsu sa loob ng city operation area. Maaari ring gamitin ang mga ruta ng Meitetsu Bus, Mie Kotsu, at SRT (bus) na karaniwang bumibiyahe sa loob ng lungsod. Kapag kukuha ng Keirō Pass (Senior Pass), kinakailangan ang pagbabayad ng kontribusyon. ※Bilang panuntunan, para sa mga seksyon ng tren ng Meitetsu, JR Tokai, at Kintetsu na bumibiyahe sa loob ng lungsod, at sa mga regular na ruta ng bus ng Meitetsu Bus, Mie Kotsu, at SRT (bus) na karaniwang bumibiyahe sa loob ng lungsod, ang ibinayad na pamasahe ay ibabalik sa ibang pagkakataon.
Librito para sa may kapansanan sa katawan, -Librito para sa may kapansanan sa pag-iisip, Librito para sa kalusugan at kapakanan ng may kapansanan sa kalagayang emosyonal	Ward Office o Branch ng Ward Office Health Center Sa loob ng branch ng health Center	Ito ay angkop para sa mga may kapansanan sa pisikal, intelektuwal at mental na aspeto, na tumutugon sa itinakdang alituntunin. Ito ay libreto na katunayan ng iba`t-ibang uri ng kapansanan. Ito ay kakailanganin sa paggamit ng iba't-ibang welfare system.



Trapiko

こうつう
交通




Batas sa Trapiko

-Sa Japan, ang mga sasakyan tulad ng kotse, motorsiklo, at bisikleta ay dumaraan sa kaliwang bahagi ng kalsada.
-Pagmasdan natin ang mga patakaran sa trapiko kapag dumadaan sa daanan.
-Sundin ang mga ilaw ng trapiko kapag dadaan sa lugar na may mga ilaw ng trapiko.
-Ang pagmamaneho nang nakainom ng alak ay mahigpit na ipinagbabawal.
-Ang pagmamaneho nang walang lisensya din ay mahigpit na ipinagbabawal.
Huwag gumagamit ng smartphone habang nagmamaneho.
-Kumuha ng insurance para sa sasakyan at bisikleta.



■Taong Naglalakad
-Kailangang maglakad sa sidewalk.
-Sa lugar na walang sidewalk, kailangang maglakad sa gawing kanan ng lansangan.
-Gumamit ng mga tawiran ng pedestrian kung saan may mga crosswalk.



■Bisikleta
-Kailangang tumakbo sa isang pila sa gawing kaliwa ng lansangan bilang tuntunin.
-Sa mga bangketa na maaaring dumaan ang bisikleta, bigyang-priyoridad ang mga pedestrian at magmaneho nang dahan-dahan patungo sa kalsada.
-Kahit na bisikleta lamang ang ginagamit, huwag kailanman magbisikleta habang nakainom ng alak.
-Simula Abril 1, 2026, ipinatupad na ang Traffic Violation Notification System (Blue Ticket) para sa mga paglabag sa batas trapiko ng mga nagbibisikleta.
Ang paggamit ng smartphone habang nagbibisikleta, hindi paghinto sa mga lugar na kinakailangang huminto, hindi pagbubukas ng ilaw sa gabi, at pagbibisikleta habang may hawak na payong ay kabilang sa paglabag na sakop ng multa.
-Kailangang gamitin ang ilaw sa gabi.
-Magsuot ng helmet tuwing sasakay / magmamaneho



■Mga maliliit na bisikleta
- Kinakailangan ang mga headlight, blinker, brake lights, number plate, atbp.
- Bilang panuntunan, dumaan sa kalsada, at ipinagbabawal ang paggamit nito ng mga wala pang 16 taong gulang.
- Magsuot ng helmet kapag sasakay



■Kotse
-Ang lahat ng sasakay sa kotse ay inaatasang gumamit ng seatbelt.
-Ang mga batang 6 taong gulang pababa ay kinakailangang isakay sa childseat.
-Ang mga nakasakay sa motorsiklo ay inaatasang magsuot ng helmet.

Panglungsod na mga Bus at Subway

■Panglunsod na mga Bus (nakatakda)

Matanda	210 yen
Bata	100 yen

■Pangkaraniwang Ticket ng Subway

	1 distrito	2 distrito	3 distrito	4 distrito	5 distrito
Matanda	210 yen	240 yen	270 yen	310 yen	340 yen
Bata	100 yen	120 yen	130 yen	150 yen	170 yen

■One-day Ticket

Sa gamit ng ticket na ito, nakakasakay kayo ng panglungsod na bus at subway kahit na nang ilang beses sa isang araw. Kapag ipapakita ang gamit na 1 day pass at donichi eco ticket, ay mayroong discount sa entrance ng ibang mga pasilidad.

	One-day Ticket ng Bus at Subway	One-day Ticket ng Bus	Eco Ticket para sa Sabado at Linggo (*Donichi Eco Kippu*)*
Matanda	870 yen	620 yen	620 yen
Bata	430 yen	310 yen	310 yen

**Donichi Eco Kippu*: Nagagamit sa Sabado, Linggo at National Holiday (sa mga araw na umaandar ang bus at tren base sa timetable ng Sabado, Linggo at National Holiday din) at ika-8 ng bawa't buwan.

■24 Hour Ticket

Sa loob ng 24 na oras, mula nang umpisahang gamitin ang ticket sa Subway (Hanggang sa parehong oras ng susunod na araw) ay maaaring makasakay kahit ilang beses.
Mayroon mga pasilidad na nagbibigay ng diskwento sa Entrance Fee at iba pa kapag ipinakita mo ang 24 Hour Ticket sa loob ng Expiration Date matapos itong simulang gamitin.

	Subway 24 Hour Ticket
Matanda	760 yen
Bata	380 yen

■IC Card "manaca"

-Ilagay lamang ang card sa ibabaw ng bawat gate ng tren o fare box ng bus para sa pagsakay.
-May 5 uring presyo, 1,000 yen, 2,000 yen, 3,000 yen, 5,000 yen, 10,000 yen. (Kasama sa presyo ang depositong halaga 500 yen. Ang halagang nabawasan ang 500 yen sa nabanggit na mga presyo ang magagamit.)
-Ang isang card ay paulit-ulit na nagagamit sa pamamagitan ng pag-chacharge.
-Idadagdag ang mileage point depende sa halagang binayaran sa cash sa panglungsod na bus at subway. Nagagamit ang mileage point upang magbayad ng pamasahe sa panglungsod na bus at subway.
-Diskwento ng 80 yen sa matanda (40 yen sa bata) ang pamasahe paglilipat sa pagitan ng mga panglungsod na bus, sa pagitan ng panglungsod na bus at subway at iba pa sa loob ng 90 minuto.
-Maliban sa City Bus o Subway at iba pa, magagamit din ito sa sakop na lugar ng MANACA sa Aonami Line, Yutori Line, Meitetsu Train, Meitetsu Bus, Toyohashi Rail Road, MANACA area ng Linimo o sa mga lugar na maaaring gamitin sa buong bansa.
-Nagagamit ito bilang electric money sa subway, sa tindahan ng city bus terminal, maliban sa vending machine ay magagamit din sa mga mayroong marka sa kanan.
-Nagagamit din sa mga tren, bus, tindahan at vending machine atbp na mayroong markang .
-Nagagamit din ang Toica ng JR-Central, Suica ng JR-East at iba pa sa pagsakay sa panlungsod na bus, subway at iba pa.



■Tungkol sa Paraan ng Pagsakay

Mayroong "Nagoya City Bus at Subway Guide" sa Station Master's Office. May mga bersyon sa
E C (Traditional) C (Simplified) K P

Tandaan:
Para sa pinakabagong impormasyon, pakitingnan ang
Nagoya City Transportation Bureau (https://www.kotsu.city.nagoya.jp/) May mga bersyon sa
E C (Traditional) C (Simplified) K P S F T V

Lindol· Pinsala dahil sa Hangin at Baha

じしん ふうすいがい
地震・風水害



Paghahanda laban sa Kapahamakan

-Mag-usap sa pamilya kung saan tatakas at kung paano makapag-ugnayan (numero ng telepono 171 para sa pag-iwan ng mensahe at mga service ng message board para sa panahon ng kapahamakan).
-Maghanda ng mga bagay na kakailanganin sa oras na magkaroon ng lindol (pagkain, pang-inom na tubig, mahalagang bagay, damit, medikal na bagay, radyo, flashlight at iba pa).
-Patibayin ang mga kasangkapan sa bahay para hindi ito matumba o malaglag sa panahon ng lindol.
-Alamin sa bawat uri ng hazard map ng inyong tinitirhang lugar ang mga panganib sa oras ng kalamidad.
-Kumpirmahin sa hazard map atbp. ang paraan ng pagpunta sa mga Isinaad na Evacuation Center, Isinaad na emergency Shelter hanggang sa Emergency Water Supply Facility sa kalapitan.
*Isinaad na emergency Shelter: Upang maprotektahan ang buhay, mangyaring unahin ang lugar kung saan makakatakas mula sa panganib ng kalamidad o sakuna. (Iba iba sa bawat uri ng disaster)
*Isinaad na Evacuation Center: Ang pansamantalang lugar na matutuluyan kapag nagiba o nasira ang bahay at hindi maaaring makauwi
*Emergency Water Supply Facility:Ang lugar kung saan makakatanggap ng supply ng tubig kapag walang lumalabas o makuhang tubig dahil sa pinsala ng disaster
*Ang hazard map atbp ay maaaring kumpirmahin sa cityhall.
I-download sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.

Nagoya Hazard Map **website**



Palatandaan ng Emergency Evacuation Place



Palatandaan ng Evacuation Shelter

-Suriin ang impormasyon ng kalamidad sa website.

Link ng mga Impormasyon ukol sa Kalamidad hatid ng NIC **website**

E P S C K F V N I T

-Ipapaalam ang mga impormasyon pang emerhensya sa kalamidad sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya at website ng Nagoya international Center.

Lungsod ng Nagoya **website**

Nagoya International Center **website** E P S C K F V N I T

"YASASHI NIHONGO" Madaling Nihongo






Ukol sa Lindol

Ang bansang Hapon ay isa mga bansang madalas nagkakaroon at dinadaanan ng lindol.
Tandaan ang mga dapat gawin upang maging mahinahon sa oras ng lindol.

■Kalakasan ng Pagyanig ng Lindol



Hindi kayang tumayo. Matutumba ang mga gusaling gawa sa kahoy.

Hindi makakalakad kung hindi nakahawak ng bagay. Mahuhulog ang mga plato at libro na nakalagay sa istante. Maaaring matumba ang kasangkapan.

Mararamdaman ang yanig sa loob ng bahay.

Kung nasa loob ng bahay nang tahimik, maaaring mararamdaman ang yanig.

■Pag may lindol?

-Magtago sa ligtas na lugar, tulad ng ilalim ng mesa.



-Patayin ang apoy kapag tumigil na ang pagyanig.



-Buksan ang pinto upang makalikas.

-Huwag mataranta at huwag basta-bastang tumakbo palabas.

-Makinig sa radyo o manood ng telebisyon upang makakuha ng impormasyon.

■Ano ang Impormasyong Espesyal ukol sa Nankai Trough Earthquake?

Ipapahayag ito ng Meteorological Agency sa oras na malaki ang posibilidad na mangyari ang malakas na lindol sa Nankai trough. Kahit na ipahayag ang impormasyong espesyal, nararapat na kalmado tayong kumilos naaayon sa anunsyong ihahatid ng lungsod ng Nagoya. *Ang paghahatid ng impromasyong espesyal, ay hindi lamang ipapahayag sa tuwing bago mangyari ang lindol.

Ukol sa Tsunami

Kapag nagkaroon ng lindol at naglabas ng Tsunami Warning o Major Tsunami Warning para sa Ise Bay at Mikawa Bay, maglalabas ang Lungsod ng Nagoya ng Evacuation Order (Instruksyon sa Paglikas) para sa mga itinalagang lugar na kailangang lumikas (*). Mangyaring lumikas sa mga lugar na hindi maaabot ng tsunami. Kung wala nang sapat na oras upang makalikas, pumunta sa isang Tsunami Evacuation Building (itinalagang emergency evacuation site para sa tsunami). Ipaaalam ang Evacuation Order sa pamamagitan ng sirena, sasakyang pang-anunsyo, at iba pang paraan. Bukod dito, kung ang inyong tahanan ay nasa lugar na hindi maaabot ng tsunami, maaari kayong manatili sa inyong bahay kung nakumpirma na ligtas ang inyong tirahan.

*Lugar kung saan ang mga nakatira ay dapat lumikas:

Tsunami Warning: Ilang mga bahagi sa Minato-ku,

Major Tsunami Warning: Nakamura-ku, Mizuho-ku, Atsuta-ku, Nakagawa-ku, Minato-ku, Minami-ku at Midori-ku

■Tsunami Evacuation Building (Itinakdang Emergency Evacuation Place para sa Tsunami)

Nagkaroon ng lindol, kapag may *tsunami* warning sa Ise Bay at Mikawa Bay, at sa oras na nagdeklara ng warning ng malaking *tsunami*, lugar kung saan pang pansamantalang lilikas sa tsunami.
Ang mga paunawa tulad ng nakasulat sa kanan ay nakikita sa pasukan o labasan ng mga gusaling nakatakda bilang tsunami evacuation building.



Para sa mga nakatira sa Nakamura-ku, Mizuho-ku, Atsuta-ku, Nakagawa-ku, Minato-ku, Minami-ku at Midori-ku

Tungkol sa pinsala ng bagyo at baha

Madalas umuulan nang malakas mula Hunyo hanggang Oktubre at dumadaan din ang maraming bagyo sa panahong ito. Madalas din na nagaganap ang naisalokal na malakas na ulan. Bigyang-pansin ang impormasyon ng panahon sa telebisyon, radyo at iba pa.

■Ukol sa Advisory, Warning at Emergency Warning (Ibinababala ng Japan Meteorological Agency)

	Nilalaman	Mga gagawin
Advisory (*Chuiho*)	Mag-ingat sa pamamagitan ng pagtawag-pansin sa kung kailan posibleng mangyari ang panganib ng isang kalamidad.	-Bigyan-pansin ang impormasyon ng panahon at kalagayan sa labas. -Tiyakin ang mga bagay na kakailanganin sa panahon ng kalamidad at kumpirmahin ang lugar at ruta ng paglikas. -Suriin ang mga bagay na nasa labas ng bahay para sa paghahanda sa kalamidad.
Warning (*Keiho*)	Babala na inilalabas upang hikayatin ang lahat na maging mapagmatyag kapag may panganib ng malubhang sakuna o kalamidad	-Kahit ang mga hindi matatanda o hindi nangangailangan ng espesyal na pag-alalay ay dapat, kung kinakailangan, itigil muna ang kanilang karaniwang ginagawa. -Maghanda para sa paglikas at kusang lumikas kung kinakailangan.
Babala sa Panganib	Babala na inilalabas kapag mataas ang posibilidad na magkaroon ng malubhang sakuna at mapanganib ang sitwasyon	-Kung inaasahan ang malalakas na hangin dulot ng bagyo o iba pang katulad na pangyayari, lumikas bago pa man dumating ang malakas na hangin.
Emergency Warning (*Tokubetsu Keiho*)	Ipapahayag ito kung hinuhulaang magkaroon ng di-pangkaraniwang palatandaan na talagang lumalampas sa pamantayan ng warning at may napakalaking pangamba ng pagkakaroon ng malaking kapahamakan.	-Kumilos agad upang kalingain ang buhay. -Lumikas sa mas ligtas na lugar kaysa sa iyong kasalukuyang kinaroroonan. -Kung delikado ang paglabas, lumipat sa ligtas na lugar sa loob ng bahay.

■Impormasyon Ukol sa Paglikas (Ibinababala ng Lungsod ng Nagoya)

【Alert Level 3】 Paglikas ng Matatanda, atbp.	Ito ay isang pagpapahayag/anunsyo na “Magsilikas dahil posibleng mangyari ang malaking sakuna”. -Ito ay iaanunsyo sa pamamagitan ng advertising car na lumilibot, internet, telebisyon, radio, at iba. -Mangyaring agad na simulan ang paglikas sa mga matatanda at iba pang mga tao na aabutin ng matagal na oras at hindi kaagad makakalikas. -Para naman sa mga taong hindi nabanggit, ipinakikiusap na bantayan at pakinggang mabuti ang weather information at maghanda na para sa paglikas.
【Alert Level 4】 Instruksyon sa Paglikas	Ito ay ang pagbibigay ng opisyal na deklarasyon upang pakiusapan at himukin ang paglikas sa dahilang malaki ang posibilidad na magkaroon ng sakuna. ・Maliban pa sa advertising car na lumilibot para mag-anunsyo, internet, telebisyon, radio at iba pang mga nagbibigay ng pampublikong impormasyon, mayroon ding patutunuging siren. ・Ipinakikiusap na lumikas ng mabilis ang lahat. -Lumikas po kayo sa kalapit na ligtas na lugar o sa loob ng mataas na lugar kapag delikado ang paglikas patungo sa lugar na paglilikasan o sa evacuation center.
【Alert Level 5】 Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan	Pahayag ito sa oras na posibleng mangyari o magkaroon ng kalamidad. -Ang mga nasa delikadong lugar, ay agarang lumikas sa malapit na matataas na lugar na hindi aabutin ng pagtaas ng tubig / tsunami para sa sariling kaligtasan. -Kumilos agad upang kalingain ang buhay.

Kontak sa Munisipalidad atbp.
区役所等の連絡先

Opisina ng Lungsod


Oras ng Tanggapan 8:45-17:15 sa Lunes-Biyernes Sarado :Sabado, Linggo, National Holiday at Dec 29-Jan 3

Nagoya City Hall（市役所）

Pangalan	Zip code	Tirahan	Tel	Fax
Nagoya City Hall	460-8508	1-1, Sannomaru 3-chome, Naka-ku	052-961–1111	—

Ward Office, Branch ng Ward Office（区役所・支所）

Pangalan	Zip code	Tirahan	Tel	Fax
Chikusa Ward Office（千種区）	464-8644	103, Hoshigaoka yamate, Chikusa-ku	052-762-3111	052-762-5044
Higashi Ward Office（東区）	461-8640	7-74, Tsutsui 1-chome, Higashi-ku	052-935-2271	052-935-5866
Kita Ward Office（北区）	462-8511	17-1, Shimizu 4-chome, Kita-ku	052-911-3131	052-914-5752
Kita Ward Office, Kusunoki Branch（楠支所）	462-0012	974, Kusunoki 2-chome, Kita-ku	052-901-2261	052-902-1840
Nishi Ward Office（西区）	451-8508	18-1, Hananoki 2-chome, Nishi-ku	052-521-5311	052-522-5069
Nishi Ward Office, Yamada Branch（山田支所）	452-0815	358-2, Yasuji-cho, Nishi-ku	052-501-1311	052-503-3986
Nakamura Ward Office（中村区）	453-8501	1-23-1, Matsubara-cho, Nakamura-ku	052-483-8161	052-483-5137
Naka Ward Office（中区）	460-8447	1-8, Sakae 4-chome, Naka-ku	052-241-3601	052-261-0535
Showa Ward Office（昭和区）	466-8585	3-19, Ayuchi-tori, Showa-ku	052-731-1511	052-733-5534
Mizuho Ward Office（瑞穂区）	467-8531	3-32, Mizuho-tori, Mizuho-ku	052-841-1521	052-851-3317
Atsuta Ward Office（熱田区）	456-8501	1-15, Jingu 3-chome, Atsuta-ku	052-681-1431	052-682-1496
Nakagawa Ward Office（中川区）	454-8501	223, Takabata 1-chome, Nakagawa-ku	052-362-1111	052-363-4316
Nakagawa Ward Office, Tomida Branch（富田支所）	454-0985	215, Haruta 3-chome, Nakagawa-ku	052-301-8141	052-301-8657
Minato Ward Office（港区）	455-8520	12-20, Komei 1-chome, Minato-ku	052-651-3251	052-651-6179
Minato Ward Office, Nanyo Branch（南陽支所）	455-0873	3703 Harutano 2-chome, Minato-ku	052-301-8118	052-301-8399
Minami Ward Office(南区)	457-8508	3-10, Maehama-dori, Minami-ku	052-811-5161	052-811-6360
Moriyama Ward Office（守山区）	463-8510	3-1, Obata 1-chome, Moriyama-ku	052-793-3434	052-794-2256
Moriyama Ward Office, Shidami Branch（志段味支所）	463-0003	1-1401, Shimoshidami, Moriyama-ku	052-736-2000	052-736-4666
Midori Ward Office（緑区）	458-8585	15, Aoyama 2-chome, Midori-ku	052-621-2111	052-623-8191
Midori Ward Office, Tokushige Branch（徳重支所）	458-0852	401, Moto Tokushige 1-chome, Midori-ku	052-626-5443	052-878-3766
Meito Ward Office（名東区）	465-8508	50, Kamiyashiro 2-chome, Meito-ku	052-773-1111	052-778-3016
Tempaku Ward Office（天白区）	468-8510	201, Shimada 2-chome, Tempaku-ku	052-803-1111	052-801-0826



Tumawag lamang sa triophone (pag-uusap ng tatluhan sa telepono) ng Nagoya International Center kung kailangan ang tagapagsalin (Tel: 080-7994-7196).

Sentro ng Pangkalusugan (Health Center)（保健センター）

Oras ng Tanggapan: 8:45-17:15 sa Lunes-Biyernes　Sarado :Sabado, Linggo, National Holiday at Dec 29-Jan 3
Punong Gawain

Pangalan	Zip code	Tirahan	Tel	Fax
Chikusa Health Center（千種）	464-8618	103, Hoshigaoka yamate, Chikusa-ku	052-753–1951	052-751–3545
Higashi Health Center（東）	461-0003	7-74, Tsutsui 1-chome, Higashi-ku	052-934–1205	052-937–5145
Kita Health Center（北）	462-8522	17-1, Shimizu 4-chome, Kita-ku	052-917–6541	052-911–2343
Kusunoki Branch（楠分室）	462-0012	967, Kusunoki 2-chome, Kita-ku	052-902–6501	052-902–6502
Nishi Health Center（西）	451-8508	18-1, Hananoki 2-chome, Nishi-ku	052-523–4601	052-531–2000
Yamada Branch（山田分室）	452-0815	358-2, Yasuji-cho, Nishi-ku (Sa loob ng Yamada Branch)	052-504–2216	052-503-3986
Nakamura Health Center（中村）	453-8501	1-23-1, Matsubara-cho, Nakamura-ku	052-433-3005	052-483-1131
Naka Health Center（中）	460-8447	1-8, Sakae 4-chome, Naka-ku	052-265-2250	052-265-2259
Showa Health Center（昭和）	466-0027	3-19, Ayuchi-tori, Showa-ku	052-735–3950	052-731–0957
Mizuho Health Center（瑞穂）	467-0027	3-45-2, Tanabe Dori, Mizuho-ku	052-837–3241	052-837–3291
Atsuta Health Center（熱田）	456-0031	1-15, Jingu 3-chome, Atsuta-ku	052-683–9670	052-681–5169
Nakagawa Health Center（中川）	454-0911	1-223, Takabata, Nakagawa-ku	052-363–4455	052-361–2175
Tomida Branch（富田分室）	454-0985	3-215, Haruta, Nakagawa-ku	052-303–5321	052-303–5438
Minato Health Center（港）	455-0015	2-1, Koei 2-chome, Minato-ku	052-651–6471	052-651–5144
Nanyo Branch（南陽分室）	455-0873	3703 Harutano 2-chome, Minato-ku	052-302–8161	052-301–4674
Minami Health Center（南）	457-0833	5-1-1, Higashimatabe-cho, Minami-ku	052-614–2811	052-614–2818
Moriyama Health Center（守山）	463-0011	3-1, Obata 1-chome, Moriyama-ku	052-796–4610	052-796–0040
Shidami Branch（志段味分室）	463-0003	1-1401, Shimoshidami, Moriyama-ku	052-736–2023	052-736–2024
Midori Health Center（緑）	458-0033	715, Aibarago 1-chome, Midori-ku	052-891–1411	052-891–5110
Tokushige Branch（徳重分室）	458-0852	401, Moto Tokushige 1-chome, Midori-ku	052-878–2227	052-878–3373
Meito Health Center（名東）	465-8506	50, Kamiyashiro 2-chome, Meito-ku	052-778–3104	052-773–6212
Tempaku Health Center（天白）	468-8510	201, Shimada 2-chome, Tempaku-ku	052-807–3900	052-803–1251

※ Sa Branch Office, ilang serbisyo lamang ang maaaring asikasuhin, tulad ng pag-iisyu ng Maternal and Child Health Handbook at pagsasagawa ng health checkup para sa mga sanggol at maliliit na bata.

Nagoya Immigration Bureau

* Sarado :Sabado, Linggo, Pista Opisyal at Dec 29-Jan 3

〒455-8601　5-18, Shoho-cho, Minato-ku, Nagoya-shi　1 min kung lalakarin galing estasyon ng “Kohoku” ng Aonami Line

◯**Immigration Information Center**　Konsultasyon kaugnay sa proseso ng pagpasok sa bansa, proseso ng paninirahan (residence) atbp.

Konsultasyon sa telepono	E C K P S V N T (at iba pang 3 wika) Tel: 0570-013904 (Nationwide toll number) Tel: 03-5796-7112 (IP phone・international calls)] Oras ng Konsultasyon: 8:30–17:15
Konsultasyon sa counter	E C P S F　Oras ng Opisina: 8:30-16:00

◯**Suporta sa residente / consultation counter (FRAT)** E C K P S F V N (mayroon din ibang lengguahe)

Konsultasyon ukol sa indibidwal, partikular, o espesyal na pamamaraan ng immigration,maliban sa immigration, mayroong konsultasyon sa pangkalahatang pamumuhay　*Kailangan ng reserbasyon

Konsultasyon sa telepono	Tel: 0570-052259（Reserbasyon:140#）　Oras ng pagtanggap: 9:00～17:45
Counter	Nagoya Immigration Bureau 1st floor　Oras ng pagtanggap: 8:30～16:00

Holiday Emergency Clinic at iba pa

Pangalan ng klinika	Araw ng Paggamot	Department	Oras ng Opisina	Tel	Fax
Nagoya Medical Association Emergency Center	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3	Ophthalmology Otorhinolaryngology	13:00-16:30	052-937-7821	052-937-7997
	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3	Surgery	9:30-12:00 13:00-16:30		
	Lunes-Biyernes (Maliban sa National Holiday, Dec 29-Jan 3)	Internal Medicine Pediatrics (※1)	19:30- 6:00 Internal medicine lamang (※2) mula 19:30 hanggang 24:00		
	Sabado (Maliban sa National Holiday, Dec 29-Jan 3)		17:30- 6:00		
	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3		13:00-16:30		
West Emergency Center para sa gabi ng pangkaraniwang araw (Nakagawa Ward Holiday Emergency Clinic)	Lunes-Biyernes (Maliban sa National Holiday, Dec 29-Jan 3)	Internal Medicine	20:30-23:30	052-361-7271	052-351-5112
South Emergency Center para sa gabi ng pangkaraniwang araw (Minami Ward Holiday Emergency Clinic)				052-611-0990	052-611-0981
East Emergency Center para sa gabi ng pangkaraniwang araw (Moriyama Ward Holiday Emergency Clinic)				052-795-0099	052-794-0099
Chikusa Ward Holiday Emergency Clinic	Linggo, National Holiday Dec 29-Jan 3	Internal Medicine Pediatrics	9:30-12:00 13:00-16:30	052-733-1191	052-731-3850
Kita Ward Holiday Emergency Clinic				052-915-5351	052-915-7854
Nishi Ward Holiday Emergency Clinic				052-531-2929	052-532-7525
Nakamura Ward Holiday Emergency Clinic				052-471-8311	052-481-9449
Showa Ward Holiday Emergency Clinic				052-763-3115	052-763-2058
Mizuho Ward Holiday Emergency Clinic				052-832-8001	052-832-8001
Atsuta Ward Holiday Emergency Clinic				052-682-7854	052-682-0953
Nakagawa Ward Holiday Emergency Clinic				052-361-7271	052-351-5112
Minato Ward Holiday Emergency Clinic				052-653-7878	052-661-7923
Minami Ward Holiday Emergency Clinic				052-611-0990	052-611-0981
Moriyama Ward Holiday Emergency Clinic				052-795-0099	052-794-0099
Midori Ward Holiday Emergency Clinic				052-892-1133	052-892-8491
Meito Ward Holiday Emergency Clinic				052-774-6631	052-776-7013
Tempaku Ward Holiday Emergency Clinic				052-801-0599	052-801-9791


Mangyari po lamang na tandaan na ang klinika na nakasaad sa itaas ay magsisimula ng paggagamot 30 minutos makalipas mula sa oras ng tanggapan.

(※1) Sa oras ng tanggapan na nakasaad sa ibaba ay nagsasagawa rin ng medikal na pagsusuri ang *Pediatrician* (espesyalistang doktor ng mga bata)
(Sabado) 17:30-23:00 (Linggo, National Holiday, Dec 29-Jan 3) 9:30-12:00, 13:00-16:30, 17:30-20:30

(※2) Kung nagnanais magpagamot ang mga batang pasyente sa internal medicine clinic lamang, mangyaring siguraduhing tawagan ang tanggapan sa isinaad na oras.

Pangalan ng klinika	Araw ng Paggamot	Department	Oras ng Opisina	Tel	Fax
Nagoya North Dental/Health Medical Center	Linggo, National Holiday Dec 30-Jan 3	Dentistry	9:00-11:30	052-915-8844	052-915-8844
Nagoya South Dental/Health Medical Center			13:00-15:30	052-611-8044	052-825-4340

Mapa ng Subway



Impormasyon sa Lungsod ng Nagoya

Ang madetalyeng impormasyon
ukol sa Lungsod ng Nagoya ay sa
■Opisyal na website sa Lungsod
ng Nagoya (Multilingual)

https://www.city.nagoya.jp/

■Mga katanungan sa pamamagitan ng telepono at FAX
Nagoya Oshiete Dial (Wikang Hapon lamang)
Tel: 052-953-7584
FAX: 052-971-4894
Oras ng Tanggapan: 8:00–21:00
(Bukas araw-araw)

Issue Nagoya International Center
E-mail: filipino@nic-nagoya.or.jp
Tel:052-581-0100 Fax:052-571-4673
Inilathala: Oktubre 2026
Ang nakasaad sa booklet na ito ay impormasyon ng Abril 1, 2026.

Nakakatulong na mga aklat-patnubay
Portal Site ng Suporta sa Buhay ng Dayuhan sa Ahensya ng Immigration (Multilingual)

Foreigner Life Support | website

-Aichi Handbook na ginawa ng Public Interest Incorporated Foundation, Aichi International Association Hapones E C
at iba pang wika

Aichi Handbook | website